1

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa

Kuwarter 1

Linggo 4

DepED MATATAG

BAGONG PILIPINAS

ONE NCR STRONGER TOGETHER

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa 1**
**Kuwarter 1: Linggo 4**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng DepEd National Capital Region sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:**
**Tagasuri:** Dr. CONCHITA YUMOL / EDUARDO M. AGUILAR
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** ALDRIN B. MARCELO

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ANDREW E. TAN**, AP Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**

Office Address: 6 Misamis St, Bago Bantay, Quezon City
Metro Manila, Philippines, 1105
Telefax: (02) 85229412
Email Address: ncr@deped.gov.ph

**MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO**

| Asignatura | Makabansa | Markahan | 1 |
|---|---|---|---|
| Linggo | 4 | Araw | 1 |
| Pamagat/Paksa ng Aralin | Katangiang Pisikal: Pangangailangan, Interes at Kakayahan ng Tao | | |
| Pangalan | | Baitang at Seksyon | |

**Pamagat/Paksa ng Aralin:** Katangiang Pisikal: Pangangailangan, Interes at Kakayahan ng Tao

**Layunin:**

1. Natutukoy ang mga pagbabago sa pisikal na katangian at kakayahan ng batang Pilipino mula sanggol hanggang sa kasalukuyang edad.

2. Napagsusunod-sunod ang bilang ayon sa pisikal na katangian at kakayahan upang mabuo ang timeline.

**Kagamitang Kailangan:** Mga larawan ng pagkakasunod-sunod ng pagbabago sa katangiang pisikal ng isang batang Pilipino.

**Laang-panahon para sa gawain:** Isang Araw.

Ang edad ng isang tao ay patuloy na nadaragdagan, kasabay nito ang pisikal na pagbabago sa katangian mula sanggol hanggang sa kasalukuyan.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Gawain 1:**

**PANUTO:** Tingnan ang bawat larawan. Tukuyin ang pagbabago sa pisikal na katangian at kakayahan ng bata. Gamit ang bilang 1 hanggang 7 pagsunod-sunurin ang mga larawan batay sa mga pagbabago sa edad at sarili.



**Gawain 2:**




Ito ang gawain ng batang si Max. Maaari mo ba siyang tulungan na pagsunud- sunurin ang mga ito? Lagyan ng bilang 1 hanggang 5 ang mga kakayahan na puwede na niyang magawa.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Gawain 3:**

Sa larawan ay makikita ang kambal na sina Bell at Donny. Kulayan ang mga larawan batay sa kanilang edad.

Berde – 0 taon                                        Lila – 4 taon

Dilaw – 1 taon                                        Asul – 3
taon Pula – 2 taon




-Pagwawasto ng gawain sa tulong ng guro.

**Dagdag pang mga Kagamitan (Opsiyonal):**

DepEd TV video

**Pagtataya/Repleksiyon:**

**PANUTO :** Iguhit ang tatsulok  kung pagbabagong pisikal ang tinutukoy at  kong pagbabago sa kakayahan.

_____1. Hindi na nagkasya ang damit ni Perla na gamit niya noong isang taon.

_____2. Noon si Nilo ay sinusubuan ng pagkain, ngayon kaya na niyang kumain nang mag-isa.

_____3. Nakatutulong na si Lito sa paghuhugas ng pinggan sa kanyang nanay.

_____4. Masikip na ang uniporme ni Tina, kaya kailangan na niyang bumili ng bago.

_____5. Marunong ng sumulat si Nena ngayon kaysa noong isang taon




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Tala para sa Guro:**

Gawing masigla at *Learner-Centered* ang klase para sa panghabang buhay na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa gawain (kung kailangan o nararapat):

A. Advanced Learners



Gumawa ng simpleng timeline sa pamamagitan ng pagdikit ng iyong larawan mula ng ikaw ay sanggol hanggang sa kasalukuyan. Maaari kang magpatulong sa iyong magulang o kapatid. Gawin sa isang malinis na papel.

B. Regular Learners

Bilugan ang mga larawan ng mahahalagang pangyayari na naganap sa iyong buhay simula pagkasilang hanggang sa kasalukuyan.








Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph